# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG PEBRERO 08, 2021, LUNES, IKA-09:16 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE, Santa Cruz, Laguna — RECORDED 26 FEB 2021

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN, STA. CRUZ, LAGUNA — RELEASED NAME: DATE: 2-26-21 TIME:

**KAPASIYAHAN BLG. 067-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 061-T2020/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 013-T2020 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGLALAAN NG HALAGANG APATNARAAN APATNAPUNG LIBO SIYAMNARAAN PITUMPU'T WALONG PISO (P440,978.00) PARA SA 10 BAHAGDANG PONDONG PANGKABATAAN (10% SANGGUNIANG KABATAAN FUND) NG BARANGAY SAN JUAN.**

**SAPAGKAT,** ang halagang P440,978.00 ay nakatakdang ilaan sa mga programa, gawain at proyektong pangkabataan ng nabanggit na barangay sa taong 2021;

**SAPAGKAT,** ito ay tinalakay ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan at napaliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKAT,** matapos ang pagtalakay at malaman ang kahalagahan ng paglalaan ng pondo para sa kabataan ay iminungkahi ng Tagapamuno ng kaukulang lupon ang pagpapatibay sa nasabing kapasiyahan ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Patrocinia S. Kalaw, Kgg. Mark Athony P. Joven, Kgg. Regine S. Regalado at Kgg. Lucena R. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 061-T2020 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 013-T2020 ng Sangguniang Barangay na naglalaan ng halagang P440,978.00 para sa 10 bahagdang pondong pangkabataan (10% Sangguniang Kabataan Fund) ng Barangay San Juan.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng San Juan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Pebrero 08, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan